ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# AUDIO-GRAPIYA NA KAGAMITAN SA PAGKATUTO NG ORTOGRAPIYANG FILIPINO PAGSULAT NG REFLECTIVE JOURNAL SA LOHIKAL NA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**Maribeth Quisteriano Panggat**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa paggamit ng audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng ortograpiyang Filipino at pagsulat ng reflective journal sa pagganap ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga kaugnayan na baryabol sa pag-aaral sa araling Filipino. Sinikap ng mananaliksik mabigayan ng katugunan sa layuning nakapaloob sa pag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod; Ang antas ng paggamit ng audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto, ang antas ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal, ang lebel ng lohikal ng pagganap ng mga mag-aaral sa paglalahad. Malaman ang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng audio-grapiya sa lohikal na paglalahad na pagganap ng mga mag-aaral at pagsulat ng reflektib journal.*

*Ang palarawang pananaliksik na disenyo ang ginamit mananaliksik sa pag-aaral na ito ay mga kaganapan sa pag-aaral ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Layunin ng ganitong disenyo na sistematikong mailarawan ang sitwasyon at kundisyon nang makatotohanan at buong katiyakan. Ang nagsilbing tagatugon sa pananaliksik na ito ay mga mag-aaral nasa grade eleven (11) na may isang daan at dalawampu (120) tagatugon mula sa Laguna University Senior High School Panuruang taon 2023-2024. Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng "Ramdom Sampling"*

*Sa ginawang pag-aaral lumabas sa resulta ang antas paggamit ng audio-grapiya ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Nagpapakita lamang ito ang audio-grapiya poetry ay nakatulong sa pagsulat ng reflective journal ng mga mag-aaral. Gayundin sa resulta ng ang antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang resulta naman sa pagganap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino batay sa lohikal na paglalahad ay may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay at may literal na paliwanag na Kasiya-siya. Makikita sa resulta na nakakuha ng mataas na marka sa pagsulat ang mag-aaral matapos maisagawa ang pag-aaral.*

*Ang ang panghuling resulta ay lumabas ang "May makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng Ortograpiyang Filipino at Pagsulat ng Reflective Journal sa pagganap ng mga mag-aaral", ipinapakita nito ang kaugnayan sa pagitan nila. Nagpapatunay lamang ito na nagkaroon ng epekto ang paggamit ng audio grapiya sa pagsulat ng mga mag-aaral.*

*Hango sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod ng rekomendasyon. Gamitin ang audio- grapiya bilang kagamitang panturo upang makatulong sa mga mag-aaral sa pagsulat ng reflektib jornal.*

**KEYWORDS:** *audio-grapiya; kagamitan sa pagkatuto; ortograpiyang Filipino*

## 1. PANIMULA

Napakahalaga ng mga kagamitang panturo na nalilikha at nagagamit ng guro sa kanyang pag-aaral. Ang mga kagamitang ito ay makatutulong sa mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa bawat aralin. Hindi na bago sa mag-aaral na patuloy na maghanap ng bago o kakaibang karanasan sa loob ng silid aralan, habang sila ay natututo nais nila na magkaroon ng kakaibang mukha ng pagtuturo na makukuha ang interes nila sa pakikinig sapagkat hindi na sapat na tsok at pisara lamang ang gamit ng guro sa paghahatid ng impormasyon sa kanilang mag-aaral. Nararapat na mahasa ang kasanayan nila sa iba't ibang aspeto.

Banggit nina Badayos (2016), isa sa mga kasanayang pangkomunikatibo na dapat taglayin ng isang mag-aaral ay ang kakayahang maghanap ng wastong babasahin na may komprehensyon sa binabasang teksto, kailangan ang pag-unawa sa anumang binasa. Ang mga mag-aaral ay kailangang makadebelop ng mga kasanayan na makatutulong na mapanatili at maunawaan ang mga istruktura sa paggamit ng wika. At maiaplay nila sa pasulat na kasanayan. Hindi lamang nila nabasa ang teksto bagkus nailalapat din nila ang mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsulat.

Ortograpiya ang paraan ng pagbibigay-simbolo sa wikang pasalita sa paraang pasulat. Sa simpleng salita, ito ang paraan ng pagbaybay, ispeling na ginagamit sa isang wika. Ito ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng maayos na ugnayan.

Bawat wika ay may sariling sistema ng paglalapat ng simbolo/letra/titik/karakter sa mga makahulugang tunog o ponema (Fortunato,2019).

Sa pagtuturo ng guro ng ortograpiyang Filipino tila ba ang ilan ay nagkakaroon pa rin ng kalituhan sa paggamit at pag-unawa ng mga salita pasalita man ito o pasulat. Maaring nababasa nila ang ilan mga alituntunin at patakaran ngunit nagkakaroon pa rin ng kalituhan lalo na sa pasalita at pagbigkas ng mga salita kagaya na lamang paggamit ng mga bantas, pagbabaybay at higit ang paggamit ng tuldik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga forum at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeling. Ninanais palaganapin sa gabay na ito ang estandardisadong mga grapema o pasulat na mga simbolo at ang mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Itinatanghal din dito ang mga naganap na pagbabago mula sa panahon ng abakadang Tagalog bunga ng bagong alpabeto at bunga na rin ng umuunlad na paggamit sa Wikang Pambansa (Almario, 2013).

Kaya naman layunin ng mananaliksik na matulungan ang mag-aaral sa mga suliraning ito at ang binuong kagamitan gaya ng audio-grapiya ay makakatutulong sa kanila upang mahasa ang kanilang kasanayan hindi lamang sa pakikinig kundi pa rin sa pagsulat ng iba't ibang sulatin. Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito lalo't higit sa kanilang araw-araw.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng paggamit ng audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto batay sa;
   - 1.1 organisayon;
   - 1.2 pagsasalita;
   - 1.3 kaangkupan, at
   - 1.4 tunog?
2. Ano ang antas ng ortograpiyang Filipino sa pagsulat ng reflective journal batay sa:
   - 2.1 tema;
   - 2.2 nilalaman, at
   - 2.3 mekanismo?
3. Ano ang lebel ng lohikal na pagganap ng mga mag-aaral sa paglalahad?
4. May makabuluhang kaugnayan ba ang paggamit ng Audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto sa pagsulat ng reflektib journal sa lohikal na pagganap ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang Ortograpiyang Filipino sa Pagsulat ng reflektib journal sa lohikal na paglalahad ng mga mag-aaral?
6. Anong planong gawain ang nais imungkahi batay sa resulta ng pagsusuri?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang disenyong ginamit mananaliksik sa pag-aaral na ito ay mga kaganapan sa pag-aaral ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Layunin ng ganitong disenyo na sistematikong mailarawan ang sitwasyon at kundisyon nang makatotohanan at buong katiyakan.

Ayon kay Akram, S. (2013), "Ito ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay-kahulugan tungkol sa isang bagay o paksa. Ito'y may kinalaman sa mga kondisyon ng mga ugnayang nagaganap, mga epektong nararamdaman o mga kalakarang nilinang".

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng prsentasyon, analisis at interpretasyon na tumatalakay sa paglalahad sa mga nakalap na datos. Ito ay binigyan ng kaukulang presentasyon, analisis at interpretasyong pagpapakahulugan sa pamamagitan ng mga talahanayan upang mabigyang kasagutan ang mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan.

Ang mga datos na nakalahad sa kabanatang ito ay batay sa pagkakasunod-sunod ng pagblalahad ng suliranin. Ipapakita rin ang mga istatistikal na pamamaraan sa mga talahanayan na sumagot sa pananaliksik na Audio-grapiya na kagamitan sa pampagkatuto sa Filipino at kakayahan sa proseso ng pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral.

Antas ng paggamit ng audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.
Sa pananaliksik na ito, sinuri ang nilalaman ng kagamitang Audio-grapiya at kung paanong makatutulong ang mga bahagi nito sa proseso ng pagsulat. Patungkol ito sa ortograpiya o pagbabaybay ng mga salita, pasulat o pasalita na pamamaraan man.

Upang malaman ang antas ng ortograpiyang Filipino sa pagsulat ng reflektib journal. Binigyang interpretasyon ang mga datos na galing sa respondante gamit ang Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag o Puna naglalaman ito ng mga resulta ng mga tagatugon sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

Sa ibaba ay makikita ang antas paggamit ng audio-grapiya batay sa organisasyon, ito kinapapalooban ng pahayag, mean, standard deviation at puna.

**Talahanayan 1** ***Antas ng Paggamit sa Audio-grapiya batay sa Organisasyon***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nailahad ang paksa sa paraang lohikal.* | 4.85 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng sapat na detalye.* | 4.66 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nuaunawan ng mabilis ang mga salitang ginamit.* | 4.63 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahanay ng wasto ang mga impormasyon.* | 4.59 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagsusulat ng pormal at hindi maligoy.* | 4.48 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.64***
***Standard Deviation: 0.18***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
**Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188**

Ang talahanayan 1 ay nagpapaliwanag ng antas paggamit ng audio-grapiya batay sa Organisasyon ang unang pahayag na nagsasaad ng nailalahad ang paksa sa paraang lohikal, ang pinakamataas ang nakuhang resulta na may M=4.85 at SD=0.39 at may literal na paliwanag na lubhang mataas na antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na lubos na sumasang-ayon.

Ang ikalawang pahayag naman na nakapagbibigay ng sapat na detalye, ay may M=4.66 at SD=0.52 ay may literal na paliwanag na lubhang mataas na antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na lubos na sumasang-ayon.

Ang ikatlong pahayag na *naunawan ng mabilis ang mga salitang ginamit,* ay may *M=4.63 at SD=0.56* ay may literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon.*

Ang ikaapat pahayag na *naihahanay ng wasto ang mga impormasyon,* ay may *M=4.59 at SD=0.51* ay may literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon.*

Napansin na lubhang mataas ang antas ng paggamit ng audio-grapiya batay sa organisasyon. Ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang "nakapagsusulat ng pormal at hindi maligoy," na mayroong M=4.48, SD=0.59, na may puna ng lubos na pagsang-ayon. May kabuoang mean na 4.64 at standard deviation na 0.18, ipinapakita na ang antas ng paggamit ng audio-grapiya batay sa Organisasyon ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubhang mataas*.

Laman ng talahanayan 1 ang Antas ng Audio-grapiya batay sa organisayon, nagpapakita ang antas na ito bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino, ayon sa layunin ng pag-aaral ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Nangangahulugan lamang ito na may lubos na katanggap-tanggap itong layunin na siyanhg nagging mapa ng binuong kagamitan. Kaya naman batay sa mga resultang nakalap ng mananaliksik sa mga naging tagatugon sa isinagawang pag-aaral ay marapat na gamitin lamang ang kagamitang ito, sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng ortograpiya. Sa kabuoan ang resulta ay naging maayos na tanggapin.

Sa ibaba ay makikita ang antas paggamit ng audio-grapiya batay sa pagsasalita, ito kinapapalooban ng pahayag, mean, standard deviation at puna.

**Talahanayan 2** ***Antas ng Paggamit sa Audio-grapiya batay sa Pagsasalita***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakasusunod ng malaya sa instruksyon ng aralin.* | 4.71 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang dati nang kaalaman sa panibagong impormasyon.* | 4.70 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon ang boses na ginamit sa audio.* | 4.62 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nadirinig ng malakas ang tinig ng nagsasalita sa audio.* | 4.42 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng tamang bigkas at baybay sa pagsasalita* | 4.35 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.56***
***Standard Deviation: 0.29***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 2 ay nagpapaliwanag ng Antas paggamit ng audio-grapiya batay sa Pagsasalita na nasa unang pahayag na *nakasusunod ng malaya sa instruksyon ng aralin* ang nakakuha ng pinakamataas na resulta *M=4.71 at SD=0.48* na may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon*.
Ang pahayag na *naiuugnay ang dati nang kaalaman sa panibagong impormasyon* ay nakakuha ng *M=4.70 at SD=0.52* ay may literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon*.

Ang ikatlong pahayag na *naaayon ang boses na ginamit sa audio* ay nakakuha ng *M=4.62 at SD=0.53* ay may literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon*.

Nasa ikaapat na pahayag naman ang *nadirinig ng malakas ang tinig ng nagsasalita sa audio ay nakakuha* ng *M=4.42 at SD=0.54* ay may literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon*.

Napansin na lubhang mataas na antas paggamit ng audio-grapiya batay sa pagsasalita. Ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nakapagbibigay ng tamang bigkas at baybay sa pagsasalita, na mayroong M = 4.35, SD = 0.58, at may puna namang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.56, standard deviation na 0.29 at ipinapakita na ang antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa antas paggamit sa audio-grapiya batay sa Pagsasalita ay may puna na lubos na *sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubhang mataas*.

Ang simpleng panonood ng youtube, tiktok at maging sa telebisyon at pagbrowsed sa internet sa mga social media ay madali na nilang nagagaya at tinatangagap kahit pa ang ilan ay may kamalian na sa wikang Filipino lalo na kung trending na. Sa media rin nagagawa nilang makabuo ng mga bagong salita

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

upang mapadali ang kanilang pakikipagtalastasan sa kanilang mga kaibigan o kapwa. Ayon sa layunin ng pag-aaral ito may literal na paliwanag na lubhang mataas, na siyang naging mapa ng binuong kagamitan.

Laman ng talahanayan tatlo ang antas paggamit ng audio-grapiya batay sa kaangkupan, ito kinapapalooban ng pahayag, mean, standard deviation at puna.

**Talahanayan 3** ***Antas ng Paggamit sa Audio-grapiya 21Abatay sa Kaangkupan***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naiangkop ang materyal na ginamit sa pagtalakay ng aralin.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagyayabong ang kasanayan sa pagsulat.* | 4.76 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ang kakayahan sa malayang pagkatuto.* | 4.62 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng repleksyon na nakabatay sa aralin.* | 4.58 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabatay ang pagtalakay ng aralin* | 4.54 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.66***
***Standard Deviation: 0.21***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 3 ay nagpapaliwang ng antas paggamit sa audio-grapiya batay sa Kaangkupan, nasa unang pahayag na *naiiangkop ang materyal na ginamit sa pagtalakay ng aralin* ang nakakuha ng pinakamataas na resulta na may *M=4.79 at SD=0.41* na may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at punang *lubos na sumasang-ayon.*

Ang ikalawang pahayag na *nagsasaad ng napagyayabong ang kasanayan sa pagsulat* ay may *M=4.76 at SD=0.47* ay may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at punang *lubos na sumasang-ayon.* Nagpakita lamang ang pahayag bilang dalawa na ito ay nakakuha ng ikalawa sa pinakamataas na resulta batay sa nasabing pahayag.

Ang pahayag na *napauunlad ang kakayahan sa malayang pagkatuto* ay may *M=4.62 at SD=0.56* ay may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at punang *lubos na sumasang-ayon.*

Nasa pahayag na *nakabubuo ng repleksyon na nakabatay sa aralin* ay may *M=4.58 at SD=0.55* ay may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at punang *lubos na sumasang-ayon.*

Napansin na may pinakamababang marka ang pagtalakay ng aralin, na may M = 4.54 at SD = 0.56. Literal na paliwanag ang lubhang mataas na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal, pati na rin sa pananaw ng mga tagatugon at punang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.66, standard deviation na 0.21 at ipinapakita na ang antas ng kasanayan ng mga tagasagot saantas paggamit sa audio-grapiya batay sa Kaangkupan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Tunay na epektibo at kagalak-galak ang naging resulta ng mga pahayag sa itaas dahil sa kinalabasan ng pag-aaral. Kaya naman ang layunin ng pag-aaral batay resulta sa pahayag sa talahanayan sa bilang tatlo ay nangangahulugang may lubos na katanggap-tanggap ang layunin na siyang naging mapa ng binuong kagamitan sap ag-aaral na isinagawa ng mananaliksik. Naging tagumpay ang pangangalap ng datos sa tulong ng mga tagatugon.

Sa ibaba ay makikita ang antas paggamit ng audio-grapiya batay sa tunog, ito kinapapalooban ng pahayag, mean, standard deviation at puna.

**Talahanayan 4** ***Antas ng paggamit sa Audio-grapiya batay sa Tunog***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nagpapakita ng kawilihan ang mga tunog na ginamit.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaayon ang tunog sa boses at aralin na tinalakay.* | 4.80 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ng tama ang lakas at balanse ang tunog.* | 4.72 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababatid ang akda dahil sa settings ng tunog na ginamit.* | 4.65 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng kakaibang tunog ang ginamit na materyal sa pagtatalakay sa paksa.* | 4.52 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.71***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 4 ay nagpapaliwang ng antas paggamit sa audio-grapiya batay sa Tunog, ang naunang pahayag na *nagpapakita ng kawilihan ang mga tunog na ginamit* ay nakakuha ng pinakamataas na resulta na may *M=4.87 at SD=0.34* at may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon.*

Ang pahayag naman na nagsasaad ng *naiaayon ang tunog sa boses at aralin sa tinalakay* ay may *M=4.80 at SD=0.45* at may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon.*

Ang pahayag naman na *nagagamit ng tama ang lakas at balanse ang tunog* ay may *M=4.72 at SD=0.49* na may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon.*

*Nababatid ang akda dahil sa settings ng tunog* na ginamit ay ang pahayag na ikaapat, nakakuha naman ito ng *M=4.65 at SD=0.54* may literal na paliwang na *lubhang mataas* na antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal at sa pananaw ng mga tagatugon at may puna na *lubos na sumasang-ayon.*

Napansin na lubhang mataas ang antas ng paggamit sa audio-grapiya. Ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nakalilikha ng kakaibang tunog gamit ang materyal sa pagtatalakay sa paksa, may M = 4.52 at SD = 0.58, na may punang lubos na sumasang-ayon. Kaya naman ang puna sa talahanayan ay nagpapakita lamang ng lubhang mataas.

May kabuoang mean na 4.71, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa antas paggamit sa audio-grapiya batay sa tunog ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ito ang lahat ng mga detalye na kailangan ng iyong isip upang lumikha ng isang buong larawan o imahe. Mahalaga ang maayos na tunog kapag nakikinig sa anumang uri ng kasangkapan, dapat ay hindi masakit sa tenga o kaya naman ay malinaw na uunawan ang sinsabi ng nagsasalita sa pamamagitan ng paggamit ng maayos na tunog. Kaya naman ang kinalabasan ng pag-aaral ay lubhang mataas, patunay lamang na ang isinagawang pag-aaral ng mananaliksik ay naging tagumpay at ang kagamitan sa pagtuturo na ginamit na tinatawag na audio-grapiya ay naging epektibo.

Nangangahulugan lamang na may lubos na katanggap-tanggap itong layunin na siyang naging mapa ng binuong kagamitan sap ag-aaral na isinagawa ng mananaliksik.

Sa kabilang pahina ay makikita ang antas ortograpiyang Filipino sa paglalahad ng mga mag-aaral gamit ang reflektib journal na kanilang nilikha, ito kinapapalooban pa rin ng mga pahayag, mean, standard deviation at puna. Ang talahanayan na ito ay magpapatunay na may mataas at magandang resulta ang ginawang pag-aaral ng mananaliksik, sa tulong ng mga tagatugon ay naisakatuparan ito.

**Talahanayan 5** ***Antas ng Kasanayan ng mga Tagasagot sa Pagsulat ng Reflective Journal batay sa Nilalaman***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nabubukasan ang isipan sa pagbabagong nagaganap sa proseso ng pagkatuto.* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng maayos na konsepto ng paksa.* | 4.60 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad nang malinaw ang mga detalye ng paksa.* | 4.59 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng maliwanag na impormasyon.* | 4.43 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang ang kritikal na pag-iisip sa pagsulat.* | 4.40 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.52***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal batay sa Nilalaman na naglalaman ng pahayag na *nabububksan ang isipan sa pagbababgong naganap sa proseso ng pagkatuto* ay *M=4.61 at SD=0.49* ito ang nakakuha ng pinakamataas na resulta na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon may puna namang *lubos na sumasang-ayon.*

Ang pahayag na *nakapagbibigay ng maayos na konsepto ng paksa* ay may *M=4.60 at SD=0.64* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon may puna namang *lubos na sumasang-ayon.*

Ang pahayag na *nailalahad nang malinaw ang mga detalye ng paksa* ay may *M=4.59 at SD=0.60* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon may puna namang *lubos na sumasang-ayon.*

Ang pahayag na *nakapagbibigay ng maliwanag na impormasyon* ay may *M=4.43 at SD=0.61* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon may puna namang *lubos na sumasang-ayon.*

Napansin na ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nalilinang ang kritikal na pag-iisip sa pagsulat, na may M = 4.43 at SD = 0.64, may literal na paliwanag na lubhang

mataas sa antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon, may puna namang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.52, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng audio-grapiya batay sa Nilalaman ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang pumukaw ng malawak na interes ay ang mungkahi na mayroong kaalaman sa nilalaman na natatangi sa pagtuturo. Isang uri ng paksa na bagay at tiyak na kaalaman. Ang puna na lumabas sap ag-aaral ay katanggap-tanggap sapagkat nagpapakita lamang ito na ang antas ng paggamit ng audio-grapiya batay sa nilalaman ay naging maayos sapagkat nagpakita ito ng magandang resulta.

Sa ibaba ay makikita ang antas ortograpiyang Filipino sa paglalahad ng mga mag-aaral gamit ang reflektib journal na kanilang nilikha, ito kinapapalooban pa rin ng mga pahayag, mean, standard deviation at puna. Ang talahanayan na ito ay magpapatunay na may mataas at magandang resulta ang ginawang pag-aaral ng mananaliksik, sa tulong ng mga tagatugon ay naisakatuparan ito.

**Talahanayan 6** ***Antas ng Kasanayan ng mga tagasagot sa Pagsulat ng Reflective Journal batay sa Tema***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Napapanahon ang temang ginamit.* | 4.81 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakabuo ng maayos na nilalaman batay sa tema.* | 4.65 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng interes ang pagbuo ng tema.* | 4.53 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang ginamit na tema sa pagsulat.* | 4.42 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagtutug-tugma ang daloy ng tema sa paksang isinulat.* | 4.31 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.55***
***Standard Deviation: 0.29***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayang 6 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal batay sa Tema na may pahayag na *napapanahon ang temang ginamit* ay kapansin-pansin na pinakamataas ang nakuhang resluta na may *M=81 at SD=0.39* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Ang pahayag na nagsasaad na *nakabubuo ng maayos na nilalaman batay sa tema* ay nakakuha ng *M=4.65 at SD=0.56* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Ang pahayag na *nagpapakita ng interes ang pagbuo ng tema* ay nakakuha ng *M=4.53 at SD=0.63* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Ang pahayag na nagsasaad na *naiaangkop ang ginamit na tema sa pagsulat* ay nakakuha ng *M=4.42 at SD=0.64* na may literal na paliwanag na *lubhang mataas sa* antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon at may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Napansin na *lubhang mataas* na antas ng paggamit ng audio-grapiya, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *napagtutug-tugma ang daloy ng tema sa paksang isinulat* at mayroong *M = 4.31 at SD = 0.54* may punang *lubos na sumasang-ayon.*

May kabuoang mean na 4.55, standard deviation na 0.29 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng audio-grapiya batay sa Tema ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang tema ay maaaring humasa sa kaisipan ng manunulat kung paano niya ilalahad ng maganda ang kanyang mga pananaw hinggil sa isang paksa. Ang tema ay may malaking tulong upang masukat ang kaalamang taglay ng isang manunulat, kaya naman dapat ay makapagbigay ng isang maganda at makabuluhang tema sa pagpapasulat ng sulatin. Ang kinalabasan na resulta ng pag-aaral batay sa antas ng paggamit ng audio-grapiya sa tema ay nagpakita ng lubhang-mataas.

Sa ibaba ay makikita ang antas ortograpiyang Filipino sa paglalahad ng mga mag-aaral gamit ang reflektib journal na kanilang nilikha, ito kinapapalooban pa rin ng mga pahayag, mean, standard deviation at puna. Ang talahanayan na ito ay magpapatunay na may mataas at magandang resulta ang ginawang pag-aaral ng mananaliksik, sa tulong ng mga tagatugon ay naisakatuparan ito.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 7** *Antas ng Kasanayan ng mga Tagasagot sa Pagsulat ng Reflective Journal batay sa Mekanismo*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nauunawan ang mga alituntunin sa pagsulat ng repleksyon.* | 4.68 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababatid ang kahulugan ng mga salitang ginawa sa akda* | 4.63 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasusunod sa pamantayan ng pagsulat.* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasusunod sa tamang baybay ng salita.* | 4.55 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang tamang bantas sa pagsulat.* | 4.41 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.58***
***Standard Deviation: 0.27***
***Literal na Paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas paggamit sa audio-grapiya batay sa Mekanismo na may literal na paliwang na *lubhang mataas s*a antas ng paggamit ng audio-grapiya at sa pananaw ng mga tagatugon ay ang pahayag na *nauunawan ang mga alituntunin sa pagsulat ng repleksyon* ay nakakuha ng *M=4.68 at SD=0.55* ay may punang *lubos na sumasang-ayon* ang unang pahayag na ito ang nakakuha ng pinakamataas na kinalabasan.

Ang pahayag na naglalaman ng *nababatid ang kahulugan ng mga salitang ginawa sa akda* ay may *M=4.63 at SD=0.51* na may literal na paliwanag na lubhang mataas sa antas ng paggamit ng audio-grapiya at pananaw sa tagatugon ay may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Ang pahayag na naglalaman ng *nakasusunod sa pamantayan ng pagsulat* ay may *M=4.61 at SD=0.49* na may literal na paliwanag na lubhang mataas sa antas ng paggamit ng audio-grapiya at pananaw sa tagatugon ay may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Ang pahayag na naglalaman ng *nakasusunod sa tamang baybay ng salita* ay may *M=4.55 at SD=0.59* na may literal na paliwanag na lubhang mataas sa antas ng paggamit ng audio-grapiya at pananaw sa tagatugon ay may punang *lubos na sumasang-ayon*.

Napansin na *lubhang mataas* na antas ng paggamit ng audio-grapiya, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *nagagamit ang tamang bantas sa pagsulat* at mayroong *M=4.41 at SD=0.60* may puna naman itong *lubos na sumasang-ayon*. May kabuoang mean na 4.58, standard deviation na 0.27 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng audio-grapiya batay sa Mekanismo ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

**Antas ng Lohikal na Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Paglalahaad Replektibong Sanaysay**

Nilalaman ng pananaliksik na ito ang Antas ng Pagganap ng mga Estudyante ukol sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay. Ito ay isang pamamaraan ng pagpapaksa at analisi ng mga personal na karanasan, opinyon, at damdamin. Isa sa hakbang na maaaring sundan sa pagsulat ng isang replektibong sanaysay ay ang pagsasaayos ng mga datos upang hindi malito ang taong magbabasa nito.

**Talahanayan 8** ***Resulta ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino batay sa Lohikal na Paglalahad***

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 43 – 50 | 22 | 18.33 | Pinakamahusay |
| 35 – 42 | 59 | 49.17 | Higit na Mahusay |
| 27 – 34 | 38 | 31.67 | Mahusay |
| 19 – 26 | 1 | 0.80 | Katamtamang Husay |
| 10 – 18 | 0 | 0.00 | Karaniwan |
| 0 – 9 | 0 | 0.00 | Di mahusay |
| **Total** | **120** | **100** | |
| ***Weighted Mean*** | ***37.56*** | | |
| ***Pinakamababang Marka*** | ***25*** | | |
| ***Pinakamataas na marka*** | ***47*** | | Kasiya-siya |
| ***Standard Deviation*** | ***5.50*** | | |

Talahanayan bilang walo ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino, sa kabuoang isang daan at dalawampu na tagatugon, ang marka na *"35 - 42"* ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na dalawampu at limapu at siyam (59) o 49.17% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay At ang marka na *"27 - 34"* ay mayroong bilang na tatlumpu at walo (38) o 31.67% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Mahusay. Habang ang marka na *"19 - 26"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.80% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Katamtamang Husay.

May kabuoang *(Weighted Mean = 37.56, SD = 5.50)* at *(pinakamababang marka = 25, pinakamataas na marka = 47)* ipinapakita na ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino batay sa Lohikal na Paglalahad ay may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay at may literal

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

na paliwanag na *Kasiya-siya*. Nagpapakita lamang na mataas ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa ginawang pagsusulit gamit ang materyal.

Batay sa resulta na ipinakita sa talahanayan walo, nangangahulugan lamang ito na may lubos itong katanggap-tanggap na layunin na siyang naging mapa ng binuong kagamitan.

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng paggamit ng audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng Ortograpiyang Filipino sa Lohikal na Paglalahad ng mga mag-aaral, upang maisakatuparan ang pag-aaral tumulong ang mga tagatugon.

**Talahanayan 9** ***Paggamit ng Audio-grapiya na Kagamitan sa pagkatuto ng Ortograpiyang Filipino Sa Lohikal na Pagganap ng mga Mag-aaral sa Paglalahad***

| **Paggamit sa audio-grapiya** | | ***Pagganap*** |
|---|---|---|
| Kaangkupan | Pearson Correlation | *.132***** |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *99* |
| | Strength | *Napakababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Pagsasalita | Pearson Correlation | *.505** |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *99* |
| | Strength | *Katamtamang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Organisasyon | Pearson Correlation | *.120** |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *99* |
| | Strength | *Napakababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Tunog | Pearson Correlation | *.309** |
| | Sig. (2-tailed) | *.017* |
| | N | *20* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |

Ang talahanayan sa sumunod na pahina ay nagpapakita ng paggamit kaugnayan ng Ortograpiyang Filipino sa pagsulat ng reflektib journal sa lohikal na paglalahad ng mga mag-aaral, ang pag-aaral na isinagawa ay makikita ang resulta sa talahanayan.

**Talahanayan 10** ***Makabuluhang Kaugnayan ng Ortograpiyang Filipino sa Pagsulat ng reflektib Journal sa Lohikal na Paglalahad ng mga Mag-aaral***

| **Paggamit sa audio-grapiya** | | ***Pagganap*** |
|---|---|---|
| Tema | Pearson Correlation | *.171** |
| | Sig. (2-tailed) | *0* |
| | N | *99* |
| | Strength | *Napakababang pagkakaugnay* |
| Nilalaman | Pearson Correlation | *.375** |
| | Sig. (2-tailed) | *0* |
| | N | *99* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| Mekanismo | Pearson Correlation | *.003** |
| | Sig. (2-tailed) | *0* |
| | N | *20* |
| | Strength | *Napakababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Palatandaan:

| Sukatan | Katibayan ng Ugnayan |
|---|---|
| $\pm 0.00$ | walang pagkakaugnay, Walang relasyon |
| $\pm 0.01 - \pm 0.20$ | napakababang pagkakaugnay, Halos walang relasyon |
| $\pm 0.21 - \pm 0.40$ | mababang pagkakaugnay, Tiyak ngunit mababaw ang relasyon |
| $\pm 0.41 - \pm 0.70$ | katamtamang pagkakaugnay, Makabuluhan ang relasyon |
| $\pm 0.71 - \pm 0.90$ | mataas na pagkakaugnay, Kapuna-puna ang relasyon |
| $\pm 0.91 - \pm 0.99$ | napakataas na pagkakaugnay, Mapapaniwalaan ang relasyon |
| $\pm 1.00$ | Lubos ang pagkakaugnay, Ganap na may relasyon |

Talahanayan bilang 9 at 10 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng Ortograpiyang Filipino at Pagsulat ng Reflective Journal sa pagganap ng mga mag-aaral**.** Ang datos ay ginamitan ng istatistikong pamamaraan na nagresulta ng tinuos na halaga para sa *r-value*.

Ipinapakita dito na ang tinuos na halaga para sa Kaangkupan at may *r-value* na 0.132, para sa Pagsasalita, may *r-value* na 0.505, para sa Organisasyon may *r-value* na 0.120, para sa Tunog may *r-value* na 0.309, para sa Tema at may *r-value* na 0.171, para sa Nilalaman at may *r-value* na 0.375 at para sa Mekanismo at may *r-value* na 0.003 ay may napakababa hanggang katamtamang pagkakaugnay at mayroong mababa na suportang tinuos na *p-value* at ang pagsusuri ay makabuluhan.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng Ortograpiyang Filipino at Pagsulat ng Reflective Journal sa pagganap ng mga mag-aaral*" ay wag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila.

Kaya naman marapat lamang na ang paggamit ng audio-grapiya sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino ay dapat patuloy na gamitin upang mas mahasa ang husay ng mga mag-aaral.

Nagpapakita lamang na ang mga naging resulta sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik ay lubos na naging katanggap-tanggap at ang layunin sa pag-aaral ay nakamit ng mananaliksik ay nakamit ang layunin na siyang naging mapa ng binuong kagamitan.

Ang huling talahanayan ay nagpapakita ng nagging plano ng mananaliksik matapos maisagawa at maisakatuparan ang pag-aaral.

**Talahanayan 11** ***Mga Plano Upang Mapaunlad ang Paggamit ng Audio-grapiya bilang Lunsaran sa Pagtuturo***

| Programa/Titulo | Deskripsyon | Layunin | Istratehiya | Mga Kasangkot |
|---|---|---|---|---|
| Paggamit ng Audio-grapiya bilang Lunsaran sa Pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino | Ang audio-grapiya ay isang kagamitan sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino, hindi lamang ang kaalaman sa Ortograpiyang Filipino ang malilinang ng mga mag-aaral kundi maging ang kanilang pakikinig sa kagamitang ginawa ng mananaliksik. | Matalakay ang mga tuntunin sa Ortograpiyang Filipino gamit ang tinatwag na Audio-grapiya. | Mabigyang kaalaman sa paggamit, maging sa nilalaman ng Audio-grapiya sa pamamagitan ng isang palihan. | Mga guro na nagtuturo ng Asignaturang Filipino. |
| | Bawat mag-aaral ay makararanas na gamitin ang Audio-grapiya upang maging batis ng kanilang kaalaman. | Mabatid at mapukaw ang atensyon ng mga mag-aaral sa upang mas pag-ibayuhin pa pag-aaral ng Ortograpiyang Filipino. | Mabigyan ng kaalaman ang mga mag-aaral patungkol sa Orotograpiyang Filipino at mas mahasa ang kanilang pagkatha ng mga sulatin sa paggamit ng tamang gramatika, bantas at sa hiram na mga salita sa pamamagitan ng malayang talakayan. Ang isa pang paraan ay ang pagkakaroon ng symposium. | Mga mag-aaral at mga guro na hahasa sa kahuyasan ng mga mag-aaral. |

Ang talahanayan 11 ay isang plano na naglalayong mas pataasin ang kaalaman ng mga mag-aaral patungkol sa Ortograpiyang Filipino gamit ang tinatawag na lunsarang Audio-grapiya.

Ang audio-grapiya ay isang kagamitan sa pagtuturo na nabuo ng ginamit ng mananaliksik sa kanyang pag-aaral, ang pag-aaral na isinagawa ay naging makabuluhan, kung kaya't humantong ang mananaliksik sa pagbuo ng isang plano upang mas mahasa pa ang mga mag-aaral sa araling Ortograpiya. Hindi lamang ang mga mag-aaral ang matutulungan ng pananaliksik kundi maging ang mga guro, nagkaroon ang mga guro ng makabagong kagamitan sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino, isang kagamitan na mas makapupukaw ng atensyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng Audio-grapiya.

Ang isang paraan upang makakuha ng mas mahusay na pag-unawa sa isang paksa ay ang replektibong sanaysay, o sanaysay ng pag-iisip. Iyon ay isang uri ng pagsusulat na naglalayong ipakita ang mga opinyon, personal na karanasan, at repleksyon ng isang manunulat tungkol sa isang partikular na paksa. Sa pamamagitan ng paggamit ng replektibong sanaysay, ang may-akda ay maaaring gumamit ng kanyang sariling mga karanasan, damdamin, at mga ideya nang malaya upang magbigay sa mga mambabasa ng mas malawak na pananaw.

Isa sa mahalagang kasangkapan ang kahusayan sa pagsulat lalo na sa akademikong sulatin. Ang ilang mag-aaral ay dumaraan sa suliranin ng sulatin pang-akademiko. Ang isa sa mahalagang kakayahan na mayroon ang mag-aaral sa loob ng silid-aralan ang ortograpikong literasi na nauukol sa bilang ng mga kinakailangang kasanayan para sa mabisang komunikasyon.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Dahil sa resulta ng pag-aaral humantong ang pananaliksik na sa konklusyon na;

Batay sa datos na nakalap, ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "Walang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Audio-grapiya na kagamitan at pagsulat ng reflektib journal sa lohikal na pagganap ng mga mag-aaral" kayat ang haypotesis sa unang kabanata ay wag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila. Nagpapatunay lamang ito na nagkaroon ng kauganayan ang paggamit ng audio- grapiya sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Batay sa datos na nakalap, ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "Walang makabuluhang kaugnayan ang Ortograpiyang Filipino sa pagsulat ng reflektib journal sa lohikal na pagganap ng mga mag-aaral" kayat ang haypotesis sa unang kabanata ay wag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila. Nagpapatunay lamang ito na nagkaroon ng kauganayan ang paggamit ng audio- grapiya sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Batay naman sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon.

1. Para sa paaralan, gamitin ang audio- grapiya bilang kagamitang panturo upang makatulong sa mga mag-aaral sa pagsulat ng reflektib jornal at patutuloy na suportahan ng paaralan ang mga guro sa makalikha ng bagong kagamitan na makatutulong sa kakayahan ng mga mag-aaral
2. Para sa mga guro, patuloy na bumuo ang mga guro ng mga kagamitan sa pagtuturo upang tumaas pa ang kalidad ng pagtuturo.
3. Para sa mga mag-aaral, sa tulong ng mga guro, magkaroon ng pagkakaisa ang mga mag-aaral upang masuportahan ang paggamit ng mga makabagong dulog sa bawat paaralan.

## TALASANGGUNIAN

1. *Badayos, P. (2016). Komunikasyon sa Akademikong Filipino.Valenzuela City: Mutya Publishing House,Inc.*
2. *Fortunato, T. (2019). Ortograpiyang Filipino: Isang Pag-Aaral sa Istandardisasyon ng Wika*
3. *https:/www.ejournals.ph/article.publication.php?id=77*
4. *Almario, Virgilio (2013) Binagong Gabay ng Komisyon ng Wikang Filipino., Komisyon ng Wikang Filipino, Edisyong 2013*
5. *Akram, S., Susana, & Malik, K. (2013). Use of audio visual aids for efective teaching of biology at secondary schools level. Education Leadership, 50, 10597–10605.*